



<Date>

<Name>

<Address>

<City>, <State> <Zip>

<Name>:

Magbabago ang inyong Cal MediConnect na planong L.A. Care Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan). Itatala kayo sa parehong mga plano ng Medicare at Medi-Cal, *L.A. Care Medicare Plus (HMO-DSNP)*, na ibinibigay ng parehong kumpanyang nagbibigay ng inyong Cal MediConnect na plano. Magkasamang tutukuyin ang mga planong ito bilang Medicare Medi-Cal Plan (MMP o Medi-Medi na plano) at binuo ito upang pangasiwaan ang pangangalaga ng mga taong may parehong Medicare at Medi-Cal. Makukuha pa rin ninyo ang parehong mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan na natatanggap ninyo ngayon.

Patuloy kayong makakatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Cal MediConnect hanggang sa Disyembre 31, 2022. Sa Enero 1, 2023, awtomatiko kayong magsisimulang makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Medicare Medi-Cal Plan. Kung kayo ay nasa Cal MediConnect na plano ngayon, wala kayong kailangang gawin para magpatala at mapanatili ang inyong mga kasalukuyang benepisyo.

Tutulungan kayo ng Medicare Medi-Cal Plan sa lahat ng inyong pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at patuloy nitong papangasiwaan ang inyong mga benepisyo at pangangalaga. Kabilang dito ang mga serbisyong medikal at serbisyo sa bahay at komunidad. Kabilang din dito ang mga medikal na supply at gamot. Kasama sa plano ang mga doktor na ginagamit ninyo ngayon o tutulungan kayo nitong humanap ng bagong doktor na gusto ninyo. Magsisimula kayong makatanggap ng mga sulat tungkol sa pagbabagong ito sa Oktubre 2022. Papadalhan namin kayo ng mga pinagsamang materyal ng miyembro, tulad ng magkasamang ID Card ng Miyembro at Handbook ng Miyembro.

Wala kayong kailangang gawin ngayong taglagas upang patuloy na matanggap ang inyong pangangalagang pangkalusugan mula sa plano ninyo ngayon. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong saklaw sa 2022, makipag-ugnayan sa inyong kasalukuyang Cal MediConnect na plano.

Taos-puso,
L.A. Care Medicare Plus

ML000000_TA